OFFICE OF ARTS & CULTURE
CITY OF SEATTLE

# Mga Alituntunin ng Gawad 2026 sa Pagpapagitna ng Sining & Pagkakapantay-pantay ng Lahi (Centering Art & Racial Equity Grant 2026 Guidelines)

## Pangkalahatang Tanaw sa Gawad

Ang Pagpapagitna ng Sining & Pagkakapantay-pantay ng Lahi ay isang programa ng Tanggapan ng Sining & Kultura ng Seattle upang suportahan ang mga organisasyon ng sining at kultura sa Seattle. Idinisenyo ang programang ito upang bigyan ng inspirasyon ang mga organisasyong iyon na magkakasamang magtrabaho tungo sa isang mas pantay na ecosystem ng sining. Ang mga organisasyon sa mga sining, kultura, pamana, at serbisyo sa sining na hindi bababa sa tatlong taon ng pag-aalok ng mga programa sa publiko sa Seattle ay hinihikayat ng mag-aplay. Aming binibigyan ng priyoridad na suportahan ang mga organisasyon sa Seattle na aktibong tinatrabaho ang pagpapagitna ng pagpapahalaga sa pagiging inklusibo, laban sa rasismo, at pagsentro sa tao.

**Para sa impormasyon at tulong sa aplikasyon, sa pagiging karapat-dapat o online na suportang teknikal** kontakin si Kathy Hsieh, Cultural Investments Strategist, sa (206) 733-9926 o kathy.hsieh@seattle.gov.

**Mayroon kaming mga tagasalin na maaaring makipag-usap sa inyo sa inyong wika, kabilang ang American Sign Language (sa pamamagitan ng video).** Tawagan lamang kami at sabihin sa amin kung anong wika ang inyong sinasalita. Asahan ang sandaling paghihintay habang naghahanap kami ng isang tagasalin na sasama sa tawag.

## Aplikasyon

Mag-apply online sa: https://seattle.fluxx.io/user_sessions/new

Kung wala kayong computer o access sa internet, tawagan ang kawani sa lalong madaling panahon.

## Takdang Petsa

### Martes, Agosto 5, 2025, 5:00 ng hapon. Pasipiko

Mangyaring bigyan ng sapat na panahon na makumpleto ang inyong aplikasyon. Ang mga aplikasyon na isinumite matapos ang takdang oras na 5 ng hapon (Pasipiko) ay hindi tatanggapin.

## Pagiging karapat-dapat

Mga organisasyon sa mga sining, kultura, pamana, at serbisyo sa mga sining ay karapat-dapat kung:

- Ang inyong pangunahing lokasyon ay nasa loob ng lungsod ng Seattle
- Mayroon kayong misyon sa sining at kultura, mga programa, o kayo ay isang organisasyong partikular sa kultura na may makabuluhang pagpoprograma sa sining at kultura
- Mayroon kayong hindi bababa sa tatlong taong kasaysayan na nagbibigay ng benepisyong pampubliko sa larangan ng sining at kultura sa mga residente ng Seattle
- Mayroon kayong numero ng Pederal na Tax ID, ngunit hindi ninyo kailangang magkaroon ng katayuang 501 (c) (3)
- Mayroon kayong pangako at mga aksyon na alinsunod sa pagiging laban sa rasismo na organisasyon sa pamamagitan ng lenteng intersectional
- Wala kayong kasalukuyang pagpopondo sa pamamagitan ng aming smART ventures na gawad

## Pagpopondo

Ang mga parangal ay batay sa pangkalahatang iskor at niraranggo ng panel ng komunidad na magkakaiba. Ang laki ng badyet ng inyong organisasyon ay hindi isang pagbabatayan sa pagpasiya sa halaga ng inyong gantimpala. Ang layunin ng programa ay pondohan ng malawakan kaysa sa malalim. Ang lawak ng pagpopondo ay inaasahang nasa pagitan ng **$500 hanggang $18,000 para sa bawat taon** ng natanggap na pondo.

Ang antas ng gantimpala ay maaaring maging iba-iba bawat taon at hindi ginagarantiyahan habang hinihintay ang proseso ng badyet at mga kita sa buwis ng Lungsod. Sa ngayon, base sa mga pagtataya ng badyet ng Lungsod, magsisimula ang pagpopondo sa 2026 ngunit hindi namin magagarantiya na ang buong tatlong taon na pagpopondo ay maibibigay sa siklo ng aplikasyong ito.

## Mga Pang-impormasyong Workshop

Sumapi sa isang birtwal na workshop upang matuto ng higit pa tungkol sa gawad na ito at kung paano magsumite ng inyong pinakamagandang aplikasyon. Ang unang oras ng bawat workshop ay bibigyan pansin ang pag-aaplay para sa aming gawad sa Pagpapagitna ng Sining & Pagkakapantay-pantay ng Lahi. Kung kayo ay interesado ring matuto tungkol sa gawad sa Pondong Pangkulturang Pasilidad, magbalak kayong manatili para sa buong 90 minuto.

**Workshop 1**
Huwebes, Mayo 29, 2025, mula 10:30 ng umaga - 12:00 ng tanghali Pasipiko
[RSVP sa 5/29]

**Worshop 2 🤟Sasalin sa ASL**

Lunes, Hunyo 2, 2025, mula 2:30 - 4:00 ng hapon Pasipiko
RSVP sa 6/2

**Workshop 3**
Martes, Hunyo 24, 2025, mula 12:00 - 1:30 ng hapon Pasipiko
RSVP sa 6/24

**Workshop 4**
Miyerkules, Hulyo 9. 2025, mula 1:00 - 2:30 ng hapon Pasipiko
RSVP sa 7/9